# DILEMA NG PHILHEALTH; KALUSUGAN VS PAGDIRIWANG

*by:*
**Xian Jade L. Ansale**
*San Ramon Elementary School*

Nagpasiya ang Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) na gagawin lamang ang "isang daang libong piso" para lamang sa kanilang ika- 30 anibersaryo sa susunod na taon., mula sa orihinal na propuesta na 137.7 milyon . Ayon kay PhilHealth President of chief executive officer na si Emmanuel Ledesma Jr. ang pagbawas ng budget ay isang paraan upang mapangalagaan ang pondo ng gobyerno.

Ang orihinal na propuesta ay naglalaman ng P 22 milyon para sa gala night, P 13 milyon para sa sportsfest, at iba pang gastos. Gayunpaman, humalo dito ang ilang pagtutol mula sa mga senador, kasama na si Sen. Loren Legarda, na nagtatawag kung bakit kailangan gumastos ng malaking halaga para sa anibersaryo habang madaming Pilipino ang nangangailangan ng tulong sa kalusugan.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ayon dito, maaaring matambakan ng mga katanungan ang PhilHealth sa kung papaanong paraan nila nais maitaguyod ang bagay-bagay ng tama. Maaari din silang makatanggap ng mga katanungan sa kredibilidad nila sa paggamit ng pondo.

Naintindihan ko na gusto nila ng matino na anibersaryo ngunit tulad na lamang ng concern ni Sen. Loren Legarda, paano niyan ang mga mamamayang nangangailangan ng Health care? At kailangan ba talagang ganoong kalaking halaga?

Maaari ding magdulot ng negatibong pagtanaw ng mga mamamayan kung hindi mapapaliwanagan ng PhilHealth kung bakit nila kinakailangan gawin iyon.

PAGKAKATAON NG PAGPAPABUTI O PAG-URONG

Imbes na maging hakbang ng PhilHea;th ito upang mas lalong mapabuti kung nakaharang ang ilang suliranin ay maaaring maging hakbang na lamang ito paurong.

KAWALAN NG PRAYORIDAD

Masasabi ko na ang desisyon na ginawa ng PhilHealth ay isang mali at pansamantalang desisyon sa panahon kung saan maraming Pilipino ang nangangailangan ng tulong sa kalusugan ang paggastos ng malaking halaga para sa isyu anibersaryo ay di lamang isang pagluluko sa pera, kundi pagpapabaya sa mga tunay na pangangailangan ng mga miyembro ng Philhealth. Isa itong kompletong kawalan sa prayoridad

Dapat maglaan ang PhilHealth ng pondo para sa mga serbisyo ng kalusugan at hindi para sa mga okasyon na syang di rin ikabubuti ng mga miyembro nito. Ang paggamit ng pondo ng PhilHealth ay dapat transparent at nakatutok sa mga tunay na nagangailangan ng mga miyembro nito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Itaga sana natin sa bato na sa tuwing may ganito, tayo na ang gumawa ng aksyon at ipaalam ang nais nating i-feedback nang sa gayon mabigyang pagpapahalaga ang mga kinakailangan ng pagpapabuti. Malinaw na palno para sa malnaw na resulta. Dapat mabalanse ang pagitan ng pagiging responsable sa paggamit ng pondo at pagtugon sa mga pangangailangan ng miyembro nito.

Kalusugan bago selebrasyon. Panawagan sa PhilHealth para sa mas mahalagang prayoridad, sunod ang mas maliwanag na kinabukasan.

*References:*